# DIGNIDAD

ISSUE 6
SEPTEMBER 2019


EDITORYAL

## PAGLAYA TUNGO SA LIWANAG

**Kakaiba ang pagsalubong ng mga Pilipino sa buwan ng Setyembre. Hindi lang dahil nalalapit ang kapaskuhan, ngunit sa angking hatid na simoy ito ng gaan at pag-asa.**

Gayunpaman, nakaukit sa ating kasaysayan ang madilim na yugto na taun-taon nating ginugunita at patuloy na pinaglalaban. Noong nakaraang Setyembre 21, nagsama-sama muli tayo para gunitain ang ika-47 na taon mula nang ideklara ng diktador na si Ferdinand Marcos ang Batas Militar o Martial Law. Higit pa rito ay ang pag-kondena rin sa mistulang batas militar sa ilalim ng kasalukuyang Administrasyon.

Mula ng manungkulan si Pres. Rodrigo Duterte at ipatupad niya ang madugong kampanya kontra droga, naranasan natin muli ang isang malaking dagok. Hindi lamang ito gyera kontra sa mahihirap, kundi gyera laban sa karapatang pantao.

Ilang dekada man ang nakalipas, kaharap pa rin natin ang iisang hamon—paghahanap ng liwanag sa kadiliman. Hindi nalang ito basta pagsagot sa isang retorika, pero isa na itong tungkulin na dapat akuin ng bawat isang Pilipino.

Para sa mga ordinaryong mamamayan, makikita na mas naging mahirap at mas nakapapagod ang araw-araw na buhay. Mula sa ihahain sa mesa, pagsustento sa edukasyon, kalagayan ng trabaho at pakikisabay sa ekonomiya. Naging mahirap ang pakikidigma sa kalsada bilang komyuter at pagsabay sa mahal na gastusin. Laganap rin ang karahasan at mga paglabag sa karapatang pantao

Sa kabila ng lahat ng ito, nananatiling bulag at manhid ang gobyerno sa tunay nating kalagayan at kailangan.

Ngunit mayroong nakasiwang na pag-asa para sa bawat isa. Hindi magtatagal at makararating tayo sa liwanag. Ang liwanag na ito ay magmumula sa bawat isang mamamayan na bubuo ng kolektibong pagsulong. Mula ito sa bawat aktibong mamamayan na naghahangad ng mas maginhawang bukas. Mula ito sa pagkakaisa. Pero paano nga ba natin maisasakatuparan ito?

Nagsisimula ang lahat sa pagkamulat. Magising na tayo sa ating tunay na kalagayan. Ang pagkamulat ay isang malalim na pagtingin at pagbasa sa kasalukuyang nararanasan. Kailangang sumibol ang pakialam para sa sarili, sa kapwa, at sa lipunan. Ang kamalayang ito ang magbibigay ng mas malawak na pagtingin at makikita na tayo ay magkakakonekta bilang isang bayan. Tayo ay may parehong karanasan at may iisang unibersal na mithiin sa buhay.

Nagbibigay ang pagkamulat ng paghahangad ng mas mabuti para sa sarili at sa bayan. Ito ang magtutulak sa atin na hanapin at matamo ang liwanag na dapat sa atin. Sa matinding pagnanasa, mararating natin ang paglaya mula sa dilim.

Sa lipunang lagamak ang kakulangan at karahasan, hindi nawawala ang ating paghahanap ng hustisya, pag-ibig, kaligayahan, at kapayapaan. Ang patuloy na paghahanap ay makatarungang hakbang para makaalpas sa sitwasyon ng ating bansa.

Kung minsa'y mapanghinaan ng loob at mabawasan ang pagtatangka, isipin na lakas natin ang bawat isa. Magkakasama tayong lilikha ng marami pang mabuting posibilidad. Humugot tayo ng pag-asa sa bawat isa na nagpapatuloy sa kanilang paglaban. At mula rito, pagbubuklurin tayo ng ating hangarin na magkaroon ng mas maginhawang buhay. Sama-sama tayong maging tanglaw ng isa't-sa sa dilim at lumaya patungo sa liwanag.



# Tayo ang Simbahan FB page, inilunsad para sa mga pari, obispong may kaso

Jerico Daracan

**Isang online campaign ang inilunsad ng mga layko para suportahan ang mga pari at obispong inakusahan ng sedisyon, cyberlibel at iba pang kaso.**

Ang 'Tayo ang Simbahan' ay isang Facebook page na binuo noong Setyembre para maging daan sa pagpapalaganap ng katotohanan laban sa mga maling paratang sa mga pinuno ng simbahan.

"Nararapat lang na malaman ng publiko ang katotohanan nang walang bahid ng pulitika o personal na interes. Nais naming ibahagi ang katotohanan sa pamamagitan ng platapormang ito na layuning protektahan at isulong ang kabutihan para sa lahat," ani Father Jerome Secillano, Executive Secretary ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP), Permanent Committee on Public Affairs.

Noong Hulyo 18, nagsampa ang Philippine National Police- Criminal Investigation and Detection Group (PNP-CIDG) ng mga kasong sedition, inciting to sedition, cyber libel, at iba pa laban sa 36 na katao.

Kabilang sa mga kapariang akusado ay sina Fr. Flaviano Villanueva, Fr. Albert Alejo, Fr. Robert Reyes, Bishop Honesto Ongtioco, Bishop Teodoro Bacani Jr., Bishop Pablo Virgilio David, at Archbishop Socrates Villegas.

Ang kasong isinampa ay kaugnay ng mga kumalat na online video series na "Ang totoong narcolist" kung saan diumano isang plano para patalsikin si Pangulong Rodrigo Duterte.

Nanindigan naman ang mga taga-suporta ng mga pari na ang mga kasong ito ay isang paraan lamang para takutin at patahimikin ang mga kritiko ng administrasyon.

Hinikayat rin ng mga layko ang komunidad na makibahagi sa pagtindig at paglaban para sa katotohanan.

Ipakita ang iyong suporta sa mga paring inakusahan ng sedisyon! Mag-post ng iyong mga mensahe at gamitin ang hashtag na #TayoAngSimbahan.

**Tayo ang Simbahan**

## HINDI KA NAG-IISA



### COALITION AGAINST TRAFFICKING IN WOMEN – ASIA PACIFIC (CATW-AP)

Ang CATW-AP ay isang panrehiyong koalisyon ng isang pandaigdigang samahan ng mga grupo at indibidwal na naglalayong sugpuin ang iba't ibang porma ng sekswal na pang-aabuso sa mga kababaihan.

Layon nila ang itaguyod ang karapatan ng mga kababaihan sa pamamagitan ng kampanya, pampublikong edukasyon at tuwirang pagsasakapangyarihan sa mga victim-survivors ng sekswal na pagsasamantala. Tinutugunan rin nila ang mga pangangailangan ng mga kababaihan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pagsasanay sa mga bulnerableng komunidad ng kababaihan.

**Jean Enriquez**
Executive Director
catw-ap@catw-ap.org.ph

## Ang Simbahan at ang Komunidad

Bilang mga pari na nangunguna sa institusyon ng Simbahan, bahagi ng kanilang tungkulin ang pagtulong at makiisa sa mga komunidad na kanilang kinabibilangan at adbokasiyang kanilang isinusulong. Bukod sa pagiging bahagi ng mga grupong nagsusulong ng kapayapaan sa bansa ay kabilang din ang mga paring nadidiin sa sedition case sa mga proyektong pangkomunidad na naglalayong tumulong sa mga mahihirap:



Isinulong at muling ibinalik ni **Archbishop Socrates Villegas** ang mensahe na ang simbahan ay para sa mga mahihirap. Siya ay tumutulong sa pagpapatayo ng mga monasteryo para sa mga madre na walang pinansyal na kakayanan upang makapagpagawa ng bagong monastery sa Dagupan. Isa na rito ang Carmelite Monastery of St. Joseph sa Pangasinan.



Bilang pari na may pag-aaral sa sosyolohiya at pilosopiya, aktibo si **Fr. Albert Alejo** sa paglahok sa mga kilusan at grupong nagsusulong ng mga karapatang pantao at paglutas ng mga isyu ng lipunan na siyang nagtutulak sa mga mahihirap sa laylayan nito. Naging bahagi siya ng Lumad Social Movement, nagbigay ng mga talk sa mga paaralan at tungkol sa pananampalatayang nakasetro sa pagtulong at di paglayo sa mga nangangailangan, at interfaith dialogues.



Si **Bishop Ambo David** kasalukuyang obispo ng diyosesis ng Caloocan, ay naniniwalang ang maigting na pakikipagtulungan sa mga Local Government Units (LGUs). Nakikipagtulungan siya sa mga parokyang kabilang sa diyosesis, at nagpapatupad ng programang panrehabilitasyon na naglalayong tumulong sa pag-aalaga at pagpapagaling ng adiksyon sa pamamahitan ng patient care, family care, at community care.





Itinayo ni **Fr. Flavie Villanueva** noong 2015 ang Arnold Janssen Kalinga (Kain at Ligo ng Ayos) Center, isang shelter para sa mga walang tahanan, sa Catholic Trade Building sa Maynila. Ang center ay tumatayo ring tuluyan ng mga mahihirap, ex-convict, at mga dating nalulong sa ipinagbabawal na droga. Bilang dating nalulong sa bisyo at droga, sinikap ni Fr. Flavie na muling ibalik sa liwanag ang mga kagaya niyang minsan nang nawala sa landas.




Si **Fr. Robert Reyes** ay tinaguriang "Running Priest" dahil sa kakaibang pagsusulong niya ng kaniyang mga adbokasiya, kabilang dito ang pangangalaga sa kalikasan, pagpapaalis ng death penalty, at pagkundena sa korapsyon sa gobyerno. Noong 1996, siya ay tumakbo sa buong Pilipinas, bitbit ang kaniyang mga adbokasiya sa pagtakbo mula Luzon, Visayas, at Mindanao.



Bilang tugon sa mga nauulila ng kasalukuyang war on drugs, gumawa ng scholarship fund si **Bishop Honesto Ongtioco** para sa kanila. Sinimulan ito sa diyosesis ng Cubao noon 2017, kung saan ang mga batang naulila ay ipapalista sa mga prokyal na paaralan ng diyosesis. Naniniwala si Bishop Ongtioco na edukasyon ang makakatulong sa mga batang naulila ng drug war upang sila ay mabigyan ng mas magandang kinabukasan.

# SSS loan program pinalawak para sa mga pensiyonado

Dada Grifon

**Mas pinalawak ng Social Security System (SSS) ang programa nito sa pension loan kung saan papayagan ang mga pensiyonadong humiram hanggang Php 200,000.**

Sa ilalim ng enhanced loan program, itinaas ang maximum pension loan na maaaring hiramin mula Php 32, 000 sa Php 200,000 .

Inulansad ang bagong programa sa Pensioner's day ng mga myembro noong Setyembre 28.

Tinaas rin ang edad ng pinakatamatandang pensyonado na pwedeng makahiram. Kung dati ay nasa 80 taong gulang, ngayon ay pwede na rin hanggang 85 na taong gulang.

Bukod pa rito, sinabi rin ng insurance firm na maaari nang bayaran ang loan hanggang dalawang taon o 24 months kumpara dati na isang taon lamang.

Pinagdiriwang ngayong Setyembre ang ika-62 na anibersayo ng pagkatatag ng SSS.

Pinagmamalaki rin ng ahensya ang pagsasabatas ng Republic Act 11199 o Social Security Act of 2018 na nagpaigting sa kanilang mga programa para sa mga myembro.

Dalawang dekada rin ang hinintay para maisakatuparan ang pag-aapela sa mga probisyon ng programa.






**WRITE THE WRONG.** Nagsagawa ng paralegal training ang Initiatives for Dialogue and Empowerment through Alternative Legal Services (IDEALS, Inc.) sa Cebu City. Nagbahagi si Atty. Mario Maderazo ng mga kaalaman tungkol sa karapatang pantao at mga paglabag dito. Tinuruan ang mga kalahok ng legal documentation upang tugunan ang dumaraming kaso ng human rights violations. Kuha ni Tuesday Lagman.

# ALAMIN NATIN!

## ALAM MO BA KUNG ANO ANG RA 9165, SECTION 5?

Ang Section 5 ay tumatalakay sa parusang matatamo ng mahuhuling nagbebenta, nangangalakal, nangangasiwa, namamahagi, at nagde-deliver o naghahatid ng ipanagbabawal na gamot. Nakapaloob sa RA 9165 ang pagbibigay proteksyon sa mamamayan, lalo na sa kabataan, laban sa masamang epekto ng ipinagbabawal na gamot.

## MGA PARUSA



Parusang panghabambuhay na pagkakabilanggo at may kabayarang multa na nagkakahalaga ng Php 500,000 hanggang Php 10 Milyon



Parusang pagkakakulong naman ay mula 12 taon at 1 araw hanggang 20 taon at multa na nagkakahalaga ng Php 100,000 hanggang Php 500,000


## PINAKAMABIGAT NA PARUSA ANG MAGIGING HATOL PARA SA MGA KASONG:

1. Kung ang drug pusher ay gagamit ng tulong ng mga taong menor de edad or may kapansanan bilang runner or messenger;
2. Kung ang pagbebenta, pangangalakal, pangangasiwa, pamamahagi, o paghahatid ay naganap malapit sa eskwelahan na may layong 100 metro;
3. Sa taong nagbuo at nangasiwa at nagbigay ng pondo para isagawa ang mga bagay na labag sa batas na nakasasaad sa section 5.
4. Kung ang taong lumabag ay may nabiktima na menor de edad, may kapansanan, or ang bawal na gamot at mga controlled precursor ang naging sanhi ng pagkamatay ng biktima.



"Maituturing na bayani ang human rights defenders kasi sila yung tumitindig para sa kapakanan ng mga naaabuso. Sila 'yung nagbibigay kaalaman, nagpapamulat at nagiging kaagapay ng mga biktima ng pang-aabuso ng karapatang pantao.

**Cynthia Kuan**
Boses ng Pag-asa



# MALAYA NA SI BUNSO!

## Batang dinakip sa PDEA ops, nakabalik na sa pamilya

Sulat ni Amanda Lingao | Kuha ni Dada Grifon

**Nakabalik na sa kaniyang pamilya ang limang taong gulang na batang nadamay sa drug raid ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA).**

Makalipas ang ilang buwang pagtitiis, isang matamis na reunion ang naganap sa Reception and Study Center for Children (RSCC) Quezon City noong Setyembre 19.

Sinalubong si Totoy ng mahigpit na yakap ng pamilyang sabik siyang makasama. Hindi naman maitago ang saya ng kanyang mga magulang na sina *Rica at *Jun dahil tapos na ang matagal nilang pangungulila sa anak.



**REUNION NG PAMILYA.** Nakabalik na si Totoy sa kanyang pamilya matapos itong mawalay ng walong buwan mula nang madakip ng PDEA. Kuha ni Dada Grifon.

### WALONG BUWANG KALBARYO

Dinakip si Totoy ng PDEA noong Enero 16 sa drug operation na ginawa sa Market 3, kasabay ng 12 pang mga menor de edad sa Navotas.

Ayon kay Rica, pinasok raw ng PDEA ang garahe ng bahay nila. Nang paghinalaan si Jun, pinosasan ang mag-asawa at dinala sila sa Quezon City kasama si Totoy, na kumakain lamang sa loob nang bahay noon.

"Dinala kami sa QC tapos dinala siya sa Bahay Pag-asa tapos kinabukasan po drinug test kami. 'Yung anak ko po hindi na binalik sa amin," kwento niya.

Negatibo man ang resulta ng kanilang drug test, tumanggi ang Bahay Pag-asa na pauwiin si Totoy sa kanyang pamilya. Kaya naman simula noon, araw-araw na lamang siyang binibisita sa center.

Sa tulong ng IDEALS, Inc., isang legal na organisasyon, dumulog si Rica sa korte upang hilingin ang pagpapalaya kay Totoy. Nakipagtulungan rin ang IDEALS sa iba pang mga organisasyon at myembro ng Simbahan para lubusang maibalik na si Totoy sa piling ng kanyang pamilya.

Noong Mayo, inilipat siya ng korte sa RSCC, isang social work center na nag-aalaga ng mga batang hanggang anim na taong gulang.

Bago pahintulutan ang pag-uwi ni Totoy, kailangang masiguro muna na mas maayos at ligtas na ang kanyang babalikang tahanan.

Dahil dito, nagdesisyon ang pamilya na bumalik na lang sa probinsya nila sa Leyte upang bigyan ng mas malusog na kapaligiran ang bata.

Ayon kay Rica, hindi na rin raw gusto ni Totoy bumalik sa bahay na kaniyang kinalakihan.

"Sabi niya 'Ma, pag umuwi tayo, ayoko na sa Market 3. Ayoko na makulong,' pinaulit ulit niya sakin. 'Ayaw ko na makulong... kasi nandun yung PDEA,'" kwento ni Rica.

### BAGONG LAYA, BAGONG PAG-ASA

Sa wakas, noong Setyembre 19 ay sinundo na ng pamilya si Totoy. "Alas dos pa lang gising na... Di na siya nakakatulog," kwento ni Jun tungkol sa kaniyang asawa.

Di batid ang puyat sa pamilya nang lumabas na si Totoy na bitbit ang kaniyang bagong salamin at backpack mula sa center. Pati ang mga tauhan sa RSCC ay masaya rin sa muling pagsama ng pamilya.

"Masaya din kami kasi nakikita namin sila sa pagbabalik ng bata sa nanay," ayon kay Mercy Pangilinan, isang social worker sa center.

Lumipat man ng tirahan, makakauwi na rin sa kanila si bunso. Sa kanilang paglipat ay maiiwan ang kaniyang kapatid na tatapusin muna ang pag-aaral hanggang katapusan ng grado at ang tatay na si Jun.

Halo naman ang naramdaman ni Jun sa pag-alis at pagbiyahe ng kaniyang mga anak at asawa sa Leyte.

"Masaya at saka malungkot. Kasi kami lang nasa bahay... Pero masaya rin kasi nakalabas na ang anak ko."

Sa pagsakay nina Totoy sa bus, dalawa ang bilin ni Jun sa kaniya. "Sabi ko, ingatan mo sarili mo sa probinsya, at saka wag mo ako laging alalahanin kasi maka-papa 'yun."

Dagdag ni Jun, 'di magtatagal ay magsasama na rin silang lahat. "Kahit naman kami nasa malayong lugar, at least kami magkakasama-sama. Para rin kaming magkasama," sabi niya.

**Pinalitan ang pangalan ng pamilya sa istoryang ito para sa kanilang kapakanan*

# “ MASAYA PALA DITO SA LABAS ”



**MALAYANG MAGLARO.** “Masaya pala dito sa labas,” ani Totoy habang nakikipaglaro sa mga kapatid na sabik siyang makasama.



**PAGKUPKOP AT PAGTULONG.** Nagtulungan ang mga organisasyon tulad ng IDEALS, Inc. at RSCC para mapalaya na si Totoy.



**MALAYA NA SI BUNSO!** Dinakip si Totoy sa isang operations ng PDEA. Matapos ang walong buwan, muli na siyang naibalik sa piling ng kanyang pamilya.



**SINUSULIT NA SANDALI.** Habang hinihintay ang pagdating ng bus, sinusulit ni Jun ang pagkakataong malambing si Totoy bago ito bumalik sa probinsya.



**FISHPORT.** Pangingisda, pagbabatilyo, at pangangalakal ang pangunahing kabuhayan sa komunidad nina Totoy.



**HANGGANG SA MULI.** Bitbit ng pamilya ni Totoy ang pag-asa na magkakasama muli silang pamilya at panandalian lang ang pagkawalay.



# Bigas hindi bala

Hans Bautista

**Ang sektor ng agrikultura ang isa sa pinaka-importanteng sektor na nagpapalakas ng ating ekonomiya. Ito ang sektor na naniniguro na sapat ang pagkain na naihahain sa mesa ng ating mga tahanan.**

Tinuro sa atin na ang mga magsasaka ay isa sa pinaka-masipag na mga manggagawa sa ating lipunan, ngunit nakakapagtaka kung bakit sila pa ang pinapatay ng mga nagdaan at ng kasalukuyang administrasyon.

Tumataas ang bilang ng mga magsasakang pinapatay bilang isang mekanismo para patahimikin at hindi paimikin ang mga ito sa mga panukala at mga polisiyang gustong ipanukala ng gobyerno. Mula sa pagkaupo ni Duterte bilang pangulo, lumago ang bilang ng mga namamatay na mga magsasaka sa ating bayan. Isa sa mga nag-usbong ng laban para ipaglaban ang mga magsasaka ay ang pagpatay sa Negros 14 noong Abril na sinundan naman ng Sagay 9, at nitong Hulyo lamang, 21 na magsasaka rin sa Negros ang pinatay.

Ang mga magsasakang ito ay matagal na panahon nang nakikipaglaban para sa hustisya ng kanilang mga lupa na pinangako ng pamahalaan. Karamihan sa kanila ay nagtrabaho ng ilang dekada para magkaroon ng sariling lupa. Sa kabila nito, sinisikap ng militar at pulisya na takutin ang mga progresibong mga organisasyon na nangangalaga sa karapatan ng mga magsasaka para mawalan ng gusot ang pagpapaunlak ng mga plano ng gobyerno.

Kung ating papansinin, sino nga ba ang nakikinabang sa mga polisiyang gustong ipanukala ng ating gobyerno? Para kanino nga ba ang kaunlaran na kanilang ipinapangako tuwing halalan o kapag naipit sa oras ng kagipitan? At para saan nga ba talaga ang mga planong ito kung alam naman natin na kakarampot lamang ang makikinabang sa mga ito?

Sinasandalan ng ating ekonomiya ang sektor ng agrikultura, at kung ipagpapatuloy ang pagkikitil sa buhay ng mga magsasaka, pagpapalawak ng opresyon ng sistema, mas lalong malulugmok ang ating bayan sa kahirapan.

Sa mga polisiyang tulad ng Rice Tariffication Law na may layuning mag-angkat pa ng bigas mula sa ibang bansa, mas lalong pinipilipit ang karapatan ng mga magsasaka sa mga batayang serbisyo dulot ng kawalan ng pera.

Ang ating panawagan ay hindi lamang para tiyakin na ang karapatan na mabuhay ng mga magsasaka ay maprotektahan, isinasama na rin pati ang karapatan para sa mga batayang serbisyo at sa totoong reporma sa lupa na kung saan ang mga magsasaka ang magmamay-ari at ang gobyerno ay gagawa ng paraan para mas lalong lumago ang sektor.

Bigas at hindi bala ang ating panawagan sa mapanghamong panahon na ito. Imbis na pawis lamang ang tumagaktak mula sa mga magsasaka, naisasama na rin ang dugo nila. Itigil na ang karahasan, at depensahan ang mga magsasaka!

> **“Kung ipagpapatuloy ang pagkikitil sa buhay ng mga magsasaka, pagpapalawak ng opresyon ng sistema, mas lalong malulugmok ang ating bayan sa kahirapan.**



# Never forget

Benjie Aquino

**Ngayong Setyembre, ating ginugunita ang ika-47 na taon ng pagdeklara ng Martial Law sa bansa sa ilalim ng dating pangulong Ferdinand Marcos. Hindi maipagkakaila na noong panahon ni Marcos, libu-libong paglabag sa karapatang pantao ang naganap.**

May mga Pilipinong dinukot o hinuli nang walang basehan, binugbog at pinahirapan at saka pinatay. Isa na lamang dito si Archimedes Trajano. Noong 1977, binatikos ni Archimedes Trajano ang kakayahan ni Imee Marcos, anak ng diktador na si Marcos, na mamuno sa hanay ng mga kabataan. Ilang oras ang lumipas, siya ay dinampot ng mga tauhan ni Marcos at sumunod nang nakita ang kanyang walang buhay na katawan.

Hindi rin maipagkakaila ang laganap na pandarambong at pagnanakaw ng pamilyang Marcos noong sila ay nasa kapangyarihan. Habang ang mga Pilipino ay nagugutom at nagtitiyagang matulog sa mga barung-barong, si Imelda Marcos naman ay nagpapakasasa sa pamimili ng mamahaling mga sapatos, alahas at damit gamit ang kaban ng bayan.

Sa kabila ng lahat ng mga ito, nananatiling hati ang pananaw ng mga Pilipino pagdating sa katanungang “Naging mabuting Presidente ba si Marcos?”

Noong una, inakala ko na nakalimot na ang mga Pilipino. Akala ko hindi na nila natatandaan ang mga masasamang nangyari noong pahon ng Martial Law. Ngunit sa maraming pagkakataon na nakuha kong makakausap ng ilang mga taga-suporta ni Marcos, nalaman ko na marami sa kanila ay hindi ipinagkakaila na nagkaroon talaga ng malawakang pandarambong at paglabag sa karapatang pantao noong Martial Law.

Sa halip, mas pinili nilang tingnan ang mga imprastraktura na naipatayo noon at pati na rin ang malinis at disiplinadong mga kalsada na diumano’y proyekto ni Marcos para sa mga Pilipino. Sa madaling salita, isinantabi nila ang mga madilim na bahagi ng administrasyong Marcos.

Dito na ako nagsimulang mas matakot. Mukhang hindi naman pala nakalimot ang mga Pilipino, nawalan lang sila ng pakialam sa mga kababayan nating pinahirapan, pinatay at pinagnakawan. Hindi pala sila nakalimot – sila ay naging makasarili.

Mahalaga para sa ating lahat na alalahanin ang ating kasaysayan. Ngunit sa bawat pagbalik-tanaw sa kasaysayan, mahalaga rin na gawin ito nang bukas ang puso. Bilang mga Pilipino, bilang mga tao, tayo ay may tungkulin hindi lamang sa ating mga sarili at mga pamilya ngunit para rin sa ating kapwa. Iwaksi ang pagiging makasarili.

Sa ating paggunita sa Martial Law, nagsisilbing hamon para sa ating lahat na balikan ang kasaysayan at ipaglaban ang hustisya para sa lahat ng Pilipino.

> **“Mukhang hindi naman pala nakalimot ang mga Pilipino, nawalan lang sila ng pakialam sa mga kababayan nating pinahirapan, pinatay at pinagnakawan. Hindi pala sila nakalimot, bagkus, sila ay naging makasarili.**

**MAY MGA KWENTO O LARAWAN KA BANG NAIS NA IBAHAGI?**
**TUMATANGGAP ANG DIGNIDAD NG MGA KONTRIBUSYON!**

Mag-text lang sa 0966 760 9397 o mag-PM sa IDEALS Inc. Facebook Page.

# ITANONG MO KAY ATTORNEY

Dear Attorney,

Magandang araw Attorney. Ako po si Anna. Anim na buwan na po kaming nag-hiwalay ng aking kinakasama. Sa anim na buwan pong iyon ay hindi siya nagbibigay ng sustento para sa aming anak. Ano po kaya ang pwede kong gawin sa aming problema?

Gumagalang,
Anna

Dear Anna,

Salamat po sa inyong tanong. Ang tatay ay may obligasyong magbigay ng suporta para sa mga anak. Ang suporta ay para sa lahat ng pangangailangan ng anak kasama na ang pagkain, pagpapaaral, tirahan at anumang uri ng sustento para sa kapakanan ng bata.

Nararapat lamang na iyong ipaglaban ang karapatan ng iyong anak at ang karapatan mo bilang ina ng bata.

Ayon sa Republic Act (R.A.) 9262 o ang Anti-Violence Against Women and Children Act, ang Protection Order ay linalabas ng korte para maprotektahan ang karapatan ng mga bata. Kasali na sa Protection Order, maliban sa utos na itigil ang dahas na ginagawa, ay ang utos na bigyan suporta ang anak. Ang application para sa Protection Order ay ihanay sa RTC, MTC, MeTC o MCTC sa lugar kung saan nakatira ang hihingi ng suporta.

Ang mga kailangan ilagay sa application ay ang sumusunod:

1. Pangalan at tirahan ng humihingi ng suporta at ng hihingan ng suporta
2. Paliwanag ng relasyon ng humihingi ng suporta at yung hihingan ng suporta
3. Paglalarawan ng ginhawa na hihingiin galing sa korte, kagaya ng suporta
4. Pahayag ng pangyayari ng abuso
5. Hiling para abogado at dahilan kung bakit kailangan ito
6. Hiling para ipagliban ang filing fees hanggang mag-hearing
7. Pagpakatotoo na walang ibang application para Protection Order sa ibang korte

Lubos na gumagalang,
Atty. CL

## MAY MGA NAIS KA BANG ITANONG KAY ATTORNEY?

MAG-TEXT LANG SA 0966 760 9397 O
MAG-PM SA IDEALS INC. FACEBOOK PAGE.

DIGNIDAD
EDITORIAL STAFF

**EDITOR-IN-CHIEF** Dada Grifon
**LAYOUT DIRECTOR** Mikhaela Dimpas
**CARTOONIST** Bladimer Usi, Luke Perry Saycon

**GRAPHICS** Patricia Leuterio, Mikhaela Dimpas
**WRITERS** Amanda Lingao, Raevene Morillo, Jerico Daracan, Benjie Aquino, Hans Bautista, Bea Del Rio
**PHOTOS** Patricia Leuterio, Bea Del Rio, Dada Grifon, Tuesday Lagman
**RESEARCH** Yurik Bugaring, Cathy Lopez, Abbie Litao




**DIGNIDAD.** Tumutulong ang tabloid sa church at community volunteers para magbahagi ng kaalaman tungkol sa karapatang pantao. Kuha ni Dada Grifon

## 'Kalinisan sa Kapaligiran'












# Mga grupo, nagtipon upang gunitain ang ika-47 anibersaryo ng Martial Law

Bea Del Rio

**Higit kumulang 5,000 na katao ang nakiisa noong Setyembre 20 sa Quirino Grandstand, Maynila bilang paggunita sa ika-47 na taon mula nang ideklara ang batas militar sa Pilipinas.**

Ang proklamasyon ng Martial Law noong 1972 ang nagsimula ng 14 na taong diktadurya sa bansa, sa pangunguna ng dating pangulong Ferdinand Marcos kung saan libu-libo ang naitalang kaso ng paglabag sa karapatang pantao.

Ikinumpara naman ng mga grupo mula sa iba't- ibang sector ang rehimen ni Marcos sa kasalukuyang administrasyon.

"Inaalala natin ngayon ang bangungot ng batas militar ni Marcos hindi lang dahil nangyari ito, kundi dahil nararanasan muli ng bayan ang dahas at panloloko ng diktadura sa ilalim ni Rodrigo Duterte," ani Lance de la Cruz, isa sa mga lider-studyante na nagbigay talumpati sa kilos protesta.

Binanggit niya ang umano'y red-tagging sa mga iskolar ng bayan at tangkang panghihimasok ng kapulisan sa loob ng mga pamantasan.

Pinaalala rin niya ang mga pang-aabuso sa manggagawa at mga magsasaka sa Negros kung saan umiiral pa rin ang Oplan Sauron.

Dismayado rin sa estado si Chricelyn Empong, isang estudyanteng Lumad.

"Hanggang ngayon, may mga magulang at bata pa ring pinapaslang doon sa Mindanao sa ilalim ng Martial Law at Whole of Nation approach ni Duterte." aniya.

Sa kasalukuyan, mayroong 1,036 na paaralang Lumad ang pwersahang ipinasara ng mga militar.

Dumalo rin sa kilos protesta ang ilang kilalang lider ng oposisyon tulad nila Chel Diokno, Neri Colmenares, Samira Gutoc, at Maria Lourdes Sereno. Hinimok nila ang mga grupo na ipagpatuloy ang laban para makamit ang totoong hustisya at demokrasya sa bansa.

"Sa araw na ito ay pinapasa ng naunang mga henerasyon ang tanglaw ng laban para sa hustisya at demokrasya sa bagong henerasyon ng freedom fighters," ani dating Punong Mahistrado na si Lourdes Sereno.

Noong Setyembre 21 naman ay nagkaroon ng pagtitipon sa Christ the King Church Seminary ang ilang grupo tulad ng Association of Major Religious Superiors of the Philippines (AMRSP), People's Coalition for Authentic Democracy (PCAD), at Philippine Alliance of Human Rights Advocates (PAHRA).

Tampok ang ilang indibidwal na nakaranas ng dahas noong panahon ni Marcos, nagkaroon ng kultural na pagtatanghal kung saan ang mga biktima ay nagbahagi ng kanilang karanasan sa ilalim ng batas militar.

Ayon kay Dr. Nymia Simbulan, Executive Director ng Philippine Human Rights Information Centre (PhilRights), importanteng balikan ang kasaysayan upang hindi na ito maulit.

"Minsan na nating nagapi ang isang diktador sa pamamagitan ng sakripisyo at pagkakaisa ng bayan. Sa pagbalik ng demokrasya, nangako tayong hindi na muli," pahayag ng grupo.

"Ngayon, may taglay na bagong mukha ang tiraniya at paniniil. Kagyat ang pangangailangang manindigan para sa demokrasya at karapatang pantao."

**NEVER AGAIN.** On Sept. 20, the Quirino Grandstand in Luneta transformed into a sea of protesters as groups from various sectors came together to commemorate the 47th anniversary of the declaration of Martial Law. The estimated 5,000 crowd comprised of student activists, labor groups, gender advocates, IPs, and opposition leaders, has expressed their indignation towards the present administration-- comparing it to the dictatorship of the late Ferdinand Marcos.